Ika-5 Linggo sa Karaniwang Panahon [K] ● Pebrero 7, 2010
Linggo ng Pagpapahalaga sa Buhay

Paksa: Pag-iwan sa mga Lambat para sa Lalong Maraming Huli

Mga Pagbasa

* **Isa 6:1-2a.3-8 –** Ang pagpapakita ng Diyos sa Templo at ang pagtawag kay Isaias para maging propeta
* **1 Cor 15:1-11 –** Muling pagpapahayag ni Pablo sa diwa ng pananampalatayang Kristiyano
* **Lu 5:1-11 –** Ang mahimalang huli ng isa at ang paghirang sa mga unang disipulo

Paunang Salita

Ang Diyos na mag-isang lumikha at may hawak sa sanlibutan ay hindi nag-iisa sa pagliligtas dito. Hinihintay Niya ang pakikipagtulungan ng mga tao. Nais Niya ang pakikipagtulungan ng lahat. Ngunit higit sa ganitong tulong na panlahat, namimili rin Siya't tumatawag ng ilang tao para maging mga tagapaghatid ng Kanyang mga mensahe, at mga tanging kasangkapan ng Kanyang pag-ibig.

Tawag natin sa ganitong mga tao ay "propeta" at mga "apostol." Ang buhay nila ay magkahalong karaniwang kahinaan at pambihirang lakas, ng nakahihiyang pagkatalo at matunog na tagumpay, ng mga tukso sa pagkakasala at pinaghirapang kabanalan. Ngunit sa kabila ng gayong tila nakalilitong salungatan, kapag sila'y nagsikap, gaya nina Isaias, Pablo, at Pedro, mapabubuti ang mundo at magwawagi ang kabutihan laban sa lahat ng anyo ng kasamaan.

Unang Pagbasa ● Isa 6:1-2a.3-8

Balangkas

* **1-5** – Pagpapakita ng Diyos sa Templo at ang reaksiyon ni Isaias
* **6-7** – Dinalisay siya ng isang anghel.
* **8** – Nagprisinta si Isaias na maging sugo ng Diyos.

Kaligirang Pangkasaysayan

Noong mga kalagitnaan ng ika-8 siglo bago isilang si Kristo, ang mga kaharian ng Israel at Juda ay binagabag ng mga panlabas na kalaban at ng kahinaang moral sa loob. Sa labas, ang Imperyo ng Assyria ay naging lalong mapaglaban. Sa loob, ang mga pinuno at mga taong bayan ay waring nakalimot na sa pagsunod sa Tipan.

Dahil sa mga nalalapit na kahirapan, tinawag ng Panginoon si Isaias para maging propeta.

Panimula

Ang siping ito ay siyang kilala bilang "pagtawag kay Isaias" sa pagka-propeta. Ang pagtawag sa kanya sa gayong misyon ay pinangunahan ng:

a. pagpapakita ng kamahalan ng Diyos at pagpapahayag ng Kanyang kabanalan at pangingibabaw sa lahat,
b. takot at pagiging di karapat-dapat na naramdaman ni Isaias, at
c. banal na pamamagitang "ikinadalisay" ni Isaias dahil sa kanyang misyong hinaharap.

Isaias 6:1-2a.3-8

[1] Nang taong mamatay si *Haring Uzias*, nakita ko ang Panginoon.
Nakaupo siya sa isang napakataas na luklukan. Ang laylayan ng kanyang

damit ay nakalatag sa buong Templo. [2] **May mga *serapin* sa kanyang ulunan, at bawat isa'y may anim na pakpak.** [3] **Wala silang tigil nang kasasabi sa isa't isa ng ganito:**

"Banal, banal, banal ang Panginoong Diyos ng mga hukbo!
Ang kanyang kaningninga'y laganap sa sanlibutan."

[4] **Sa lakas ng kanilang tinig ay nayanig ang pundasyon ng Templo at ang loob nito'y napuno ng usok.** [5] **Sinabi ko, "Kawawa ako. Marumi ang aking labi at naninirahan sa piling ng mga taong marurumi rin ang labi. Mapapahamak ako pagkat ako'y isang makasalanang nakakita sa Panginoon, ang Makapangyarihang Hari."**

[6] **Pagkatapos, may isang seraping sumipit ng baga sa dambana, at lumipad na patungo sa akin.** [7] **Ang baga ay idiniit sa aking mga labi, at sinabi, "Wala ka nang sala. Napawi na ang mga kasalanan mo."**

[8] **Narinig ko ang tinig ng Panginoon, "Sino ang aking ipadadala? Sino ang aming susuguin?" Sumagot ako, "Narito po ako. Ako ang isugo n'yo."**

Ang Salita ng Diyos sa Aking Buhay

1. Paano akong makitungo sa Diyos?
   - [] nagpipitagan
   - [] nagmamahal
   - [] takot
   - [] walang-bahala
   - [] nananalig

   Bakit? Ipaliwanag.
2. Kung itanong sa akin ng Diyos ang Kanyang itinanong kay Isaias, ano ang aking isasagot?

Ikalawang Pagbasa • 1 Cor 15:1-11

Balangkas

- * **1-8 –** Mga pangunahing katotohanan tungkol sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Kristo at kanyang pagpapakita sa mga disipulo
- * **9-10–** Ang opinyon ng Apostol sa kanyang sarili at gawain
- * **11 –** Pangwakas na pahayag tungkol sa pananalig sa Muling Pagkabuhay

Kaligirang Pangkasaysayan

May ilan sa pamayanan ng Corinto ang nagdududa sa muling pagkabuhay ng mga yumao. Ang gayong mga pagdududa, kapag ipinagpatuloy, ay maaaring mahantong sa kanilang pagtanggi na rin sa Muling Pagkabuhay ni Kristo – isang katotohanang siyang pinakabuod ng Ebanghelyo na tuwinang ipinangangaral ni Pablo at ng iba pang mga apostol sa mula't mula.

Panimula

Sa siping ito, sinisimulan ng Apostol ang pagtalakay sa pananampalataya sa Muling Pagkabuhay sa pamamagitan ng pag-uulit sa mga pangunahing ipinangangaral ng lahat ng apostol:

a. ang bisa ng pagkamatay ni Kristo para magbayad-pinsala;
b. ang kanyang muling pagkabuhay;
c. ang katunayang kapwa ipinahayag ito sa Banal na Kasulatan; at
d. ang nagkakaisang tradisyon tungkol sa maraming pagpapakita ni Kristong Muling Nabuhay. (Sangguniin tt. 3-8.)

Ang iba pang bahagi ng sagot ni Pablo ay ibibigay sa susunod na tatlong Linggo.

1 Corinto 15:1-11

Mga kapatid:

[1] **At ngayo'y ipinaaalaala ko sa inyo, ang Mabuting Balita na ipinangaral ko sa inyo. Iyan ang pahayag na inyong tinanggap at naging saligan ng inyong pananampalataya. Sa pamamagitan nito'y naliligtas kayo, kung matatag kayong nananangan sa salitang ipinangaral ko sa inyo – liban na nga lamang kung kayo'y sumampalataya na di iniisip ang inyong sinampalatayanan.** [3] **Sapagka't ibinigay ko sa inyo itong pinakamahalagang aral na tinanggap ko rin: si Kristo'y namatay dahil sa ating mga kasalanan, bilang katuparan ng nasasaad sa Kasulatan;** [4] **inilibing siya at muling nabuhay sa ikatlong araw, ayon din sa Kasulatan;** [5] **at siya'y napakita kay Pedro, saka sa Labindalawa.**

[6] **Pagkatapos, napakita siya sa mahigit na limang daang kapatid na nagkakatipon. Marami sa kanila'y buhay pa hanggang ngayon, bagama't patay na ang ilan.** [7] **At napakita rin siya kay Santiago, saka sa mga apostol na sama-**

Ang Salita ng Diyos sa Aking Buhay

1. Gaano katibay ang aking pananampalataya sa muling pagkabuhay ng mga yumao?
2. Batid ko ba ang kaugnayan nito sa Muling Pagkabuhay ni Kristo?
3. Gaano kahalaga sa aking pang-araw-araw na buhay ang aking pananampalataya sa muling pagkabuhay ng mga yumao?

sama noon. [8] **Sa kahuli-huliha'y napakita rin siya sa akin – bagama't ako'y tulad** [9] **ng batang ipinanganak nang di-kapanahunan.**

Sapagkat ako ang pinakahamak sa mga apostol; ako'y di karapat-dapat tawaging apostol, sapagkat inusig ko ang simbahan ng Diyos. [10] **Ngunit dahil sa kagandahang-loob niya, ako'y naging apostol, at hindi naman nawalan ng kabuluhan ang kaloob niyang ito sa akin. Nagpagal ako nang higit kaysa kaninuman sa kanila, bagama't hindi ito sa sarili kong kakayanan kundi sa tulong ng Diyos sa akin.**

[11] **Kaya't maging ako o sila – ito ang ipinangangaral namin, at ito ang pinananaligan ninyo.**

Mabuting Balita • Lucas 5:1-11

Balangkas

* **1-3 –** Nangaral si Hesus buhat sa bangka ni Pedro.
* **4-7 –** Ang mahimalang huli ng isda
* **8-11 –** Ang reaksiyon nina Pedro, Santiago, at Juan sa gayong himala

Kaligirang Pangkasaysayan

Buhat sa Nazaret, nagpatuloy si Hesus sa kanyang pangangaral sa maraming tao sa may Lawa ng Genesaret. Balak niyang bumuo ng isang panimulang pangkat na balang araw ay magiging mga alagad niya.

Panimula

Ngayon, makikita natin kung paanong pinukaw ni Hesus ang mga puso ng tatlong mamamalakaya, lalo na si Simon Pedro, sa pamamagitan ng isang himalang ikinamangha nito at ng kanyang mga kasama. (Sangguniin t. 9.)

Lucas 5:1-11

[1] **Noong panahong iyon, nakatayo si Hesus sa baybayin ng Lawa ng Genesaret. Pinagkalipumpunan siya ng napakaraming tao na ibig makarinig ng salita ng Diyos.** [2] **May nakita siyang dalawang bangka sa baybayin; nakalunsad na ang mga mangingisda at naghuhugas ng kanilang mga lambat.** [3] **Lumulan siya sa isa sa mga bangka at hiniling kay Simong may-ari nito, na ilayo nang kaunti sa tabi. Naupo siya sa bangka at nangaral sa mga tao.**

[4] **Pagkatapos niyang magsalita ay sinabi kay Simon, "Pumalaot kayo at ihulog ang mga lambat upang manghuli."** [5] **Sumagot si Simon, "Guro, magdamag po kaming nagpagod at wala kaming nahuli! Ngunit dahil sa sinabi ninyo, ihuhulog ko ang mga lambat."** [6] **Gayon nga ang ginawa nila at sa dami ng kanilang huli ay halos magkansisira ang kanilang mga lambat.** [7] **Kaya't kinawayan nila ang kanilang mga kasamahang nasa ibang bangka upang patulong, at lumapit naman ang mga ito. Napuno ang dalawang bangka na halos lumubog.**

[8] **Nang makita iyon ni Simon Pedro, siya'y nagpatirapa sa paanan ni Hesus at nagsabi, "Lumayo po kayo sa akin, Panginoon, sapagkat ako'y makasalanan."** [9] **Nanggilalas siya at ang kanyang mga kasama dahil sa dami ng kanilang huli;** [10] **gayon din sina Santiago at Juan, mga anak ni Zebedeo, na mga kasosyo ni Simon. At sinabi ni Hesus kay Simon, "Huwag kang matakot. Mula ngayo'y mamamalakaya ka ng mga tao."** [11] **Nang maitabi na nila ang kanilang mga bangka, iniwan nila ang lahat at sumunod kay Hesus.**

Sa Ganap na Pag-unawa sa Mensahe

1. Buhat kanginong bangka nangaral si Hesus sa mga tao?
2. Ano ang ginawa ni Hesus pagkatapos niyang magsalita?
3. Ano ang isinagot ni Simon Pedro?
4. Ano ang naging reaksiyon ni Simon Pedro sa mahimalang huli ng isda?
5. Ano ang sinabi ni Hesus para mapanatag niya si Simon Pedro?

Pagtuklas sa Mensahe

1. May natatangi bang "kahulugan" ang pangangaral ni Hesus sa mga tao buhat sa bangka ni Pedro? Ipaliwanag.
2. Ano ang ipinahahayag ng sagot ni Pedro sa t. 5?
3. Ano ang pangunahing kundisyon kay Pedro para magawa ni Hesus ang himalang ito? *(Sangguniin t. 5.)*
4. Ano ang ibig sabihin ng pangungusap na "Mula ngayo'y mamamalakaya ka ng mga tao"?

5. Pagkatapos ng gayong pananalita, ano ang ginawa ni Pedro at ng kanyang mga kasama?
6. Anu-ano ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng siping ito ng Ebanghelyo at ng Unang Pagbasa?

Ang Salita ng Diyos sa Aking Buhay

1. Gaano katibay ang aking pananampalataya kay Hesus at sa kapangyarihan ng kanyang salita?
2. Gaano ako kahandang iwan ang lahat para sumunod sa kanya?
3. Saan nakakabit ang aking kalooban sa mga sandaling ito?

PAGNINILAY

Tunay na kamangha-mangha marahil para sa mga matagal nang mamamalakayang tulad nina Simon Pedro ang gayong pambihirang huli ng mga isda. Una rito'y kay-tagal na silang naglamay sa paghihintay ng magandang huli ngunit nabigo lamang sila. At kung kailan mataas na ang araw, at di sukat akalain ng sino mang mamamalakayang makahuhuli sila ng kahit man lamang maliliit na isda, noon pa naganap ang malaking huling ikinagulat ng lahat. At ito'y dahil lamang ginanyak ng taga-Nazaret si Simon Pedrong maglatag ng mga lambat sa gayong alanganing oras . . .

May kakaiba sa gayong tagapangaral – *pambihira o dakilang kapangyarihan.* Si Simon ang unang nakapansin nito. Gayundin, nakadama siya ng nadarama ng mga kaluluwang tapat sa harap ng *supernatural:* isang malalim na kamalayan ng kanyang pagkamakasalanan at pagiging di karapat-dapat. Kaya nga, nagwika siya: "Lumayo po kayo sa akin, Panginoon, sapagkat ako'y makasalanan!" *(Lu 5:8).* Halos walong siglong una rito, si Isaias man ay nakadama ng gayon sa nasaksihan niyang pagpapakita ng Diyos sa Templo *(Isa 6:5).* Sukat ngang sagilahan ng pagkasindak ang isang taong tapat sa maaaring gawin ng isang Banal sa isang makasalanang nilalang.

Ngunit di ibig ni Hesus manindak ng mga tao. Agad niyang inalo si Simong nanginginig na noon sa takot. At higit pa. Ang himalang kanyang ipinakita ay siya lamang simula. Iyon ay tanda ng isang higit pang dakilang magpapatuloy na mangyari hanggang sa wakas ng panahon. Ang gayong mahimalang huli ng isda ay isang propesiya: Si Simon at ang kanyang mga kasama't magiging kasunod ay makikibahagi sa misyon ni Kristong mamalakaya ng mga tao *(sangguniin Lu 5:10),* alalaong baga'y magliligtas sa kanila sa nakamamatay na kapangyarihan ng mga puwersa ng kasamaang sinasagisag ng dagat.

Samakatuwid, ang gayong himala ay di lamang pagpapasalamat ni Hesus kay Simon sa pagpayag nitong siya'y mangaral buhat sa kanyang bangka. *(Sangguniin Lu 5:13.)* Iyon ay bahagi ng maingat na planong ihatid ang pagliligtas ng Diyos sa sangkatauhan sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng mga hamak at makasalanang nilalang na gaya nina Simon Pedro; mga taong gaya ng Santo Papa at mga Obispo; mga taong tulad natin.

Ang mahimalang "huli," alalaong baga'y ang pagliligtas ng mga tao, ay patuloy sa mundo, sa loob ng maraming siglo, sa kabila ng kahinaan ng mga mamamalakaya. Patuloy ito sapagkat ito ay gawa ng kapangyarihan ng Diyos; ang gawa ng pag-ibig at tiwala ng Diyos. Sa kabila ng Kanyang kapangyarihan at kabanalan, hindi Niya tinatawaran ang ating hamak na pakikipagtulungan.

Lahat tayo'y nasa mapagligtas na bangka ng Simbahan. Lahat tayo'y kabahagi ng pagliligtas ni Kristo. Ngunit kabahagi rin tayo sa misyong tumulong kay Hesus sa pagliligtas ng iba, pagkat salamat sa kanya, tayo ma'y mga "tagapagligtas" din sa pamamatnubay ni Simon Pedrong puno ng plotang tagapagligtas ng Diyos.

Sa Linggong Hinaharap

Lunes • 1 Ha 8:1-7.9-13 • Mc 6:53-56

Saanman dumating si Hesus, maging sa nayon, lunsod, o kabukiran, agad na inilalapit sa kanya ang mga may karamdaman at ipinakikiusap sa kanya na mahawakan man lamang nila ang laylayan ng kanyang damit. At ang lahat ng makahawak dito ay gumagaling. (Mc 6:56)

Martes • 1 Ha 8:22-23.27-30 • Mc 7:1-13

Sinabi pa ni Hesus, "Ang gagaling ninyo! Para lamang masunod ang inyong mga tradisyon, pinapawalang-bisa ninyo ang utos ng Diyos!" (Mc 7:9)

Miyerkules • 1 Ha 10:1-10 • Mc 7:14-23

"Sapagkat sa loob – sa puso ng tao – nagmumula ang masasamang isipang nag-uudyok sa kanya na makiapid, magnakaw, at gumawa ng lahat ng kabuktutan, tulad ng pagdaraya, kahalayan, pagkainggit, paninirang-puri, kapalaluan, at kahangalan." (Mc 7:21-22)

Huwebes • Mahal na Birhen ng Lourdes
1 Ha 11:4-13 • Mc 7:24-30
o Isa 66:10-14c • Jn 2:1-11

Sinabi ng kanyang ina sa mga naglilingkod, "Gawin ninyo ang anumang sabihin niya sa inyo." (Jn 2:5)

Biyernes • 1 Ha 11:29-32; 12:19 • Mc 7:31-37

Ang mga tao'y biglang nanggilalas, at ang wika, "Anong buti ng lahat ng kanyang ginawa! Nakaririnig na ang bingi, at nakapagsasalita ang pipi!" (Mc 7:37)

Sabado • 1 Ha 12:26-32; 13:33-34 • Mc 8:1-10

Ang mga tao'y pinaupo ni Hesus sa lupa. Kinuha niya ang pitong tinapay, at nagpasalamat sa Diyos. Pinagpira-piraso niya ang mga iyon at ibinigay sa mga alagad upang ipamahagi sa mga tao. Gayon nga ang ginawa ng mga alagad. (Mc 8:6)